
4

# Filipino

## Kwarter 3 – Modyul 1: Paglalahad at Pagsulat ng mga Hakbang sa Isang Gawain



CO_Q3_Filipino4_Modyul1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Paglalahad at Pagsulat ng mga Hakbang sa Isang Gawain**
**Unang Edisyon, 2020**

"Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Melanie O. Laniog |
| **Editor:** | Jee Ann B. Dimaiwat |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | Mark Anthony O. Taduran, Emma N. Malapo |
| **Tagalapat:** | Analyn J. Madera |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad |
| | Francisco B. Bulalacao |
| | Grace U. Rabelas |
| | Ma. Leilani R. Lorico |
| | Nora J. Laguda |
| | Jerson V. Toralde |
| | Rechie O. Salcedo |
| | Belen B. Pili |
| | Randy A. Bona |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Kwarter 3 – Modyul 1:
## Paglalahad at Pagsulat ng mga Hakbang sa Isang Gawain

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Mahilig ka bang kumain? Ano-anong mga pagkain ang gustong-gusto mo?

Alam kong maraming pagkain ka pang nais matikman tulad ng *fried chiken*, adobo, sinigang na isda, at marami pang iba.

Mahilig ka rin sa mga inuming pampalamig tulad ng *buko juice*, kalamansi *juice* at iba pa, 'di ba? Naisip mo ba kung paano ito ginawa? Kaya mo na bang ibigay ang mga hakbang o paraan kung paano ito gagawin nang wasto?

Huwag kang mag-alala, matutulungan ka sa araling ito.

Sa modyul na ito, inaasahan na:

1. Nakapagbibigay ka ng hakbang ng isang gawain.
2. Nakapagsusunod-sunod ka ng mga pangyayari sa tekstong napakinggan sa pamamagitan ng paggamit ng una, pangalawa, sumunod at panghuli.
3. Nakasusulat ng simpleng resipi at patalastas.



## *Subukin*

***Subuking gawin ito.***

Magaling ka bang magbigay ng mga hakbang sa isang gawain? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang kaya mo.

**A. Panuto:** Gamit ang dating kaalaman at karanasan, ibigay ang mga hakbang sa paliligo sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga hakbang nito. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

A



Pangalawa, gamit ang sabon at maliit na tuwalya, linising mabuti ang katawan.

B



Una, basain ng tubig ang katawan.

C



Panghuli, patuyuin ang buhok at katawan gamit ang malinis na tuwalya.

D



Sumunod, gumamit ng *shampoo* sa paglilinis ng buhok. Banlawan hanggang matanggal ang bula.

**B. Panuto:** Isulat ang mga hakbang sa pagpiprito ng isda upang mabuo ang resipi nito. Hanapin sa loob ng kahon ang tamang sagot.

- ❖ Sumunod, ilagay ang isda sa mainit na mantika. Bantayan hanggang sa ito ay maluto.
- ❖ Una, linisin nang mabuti ang isda. Hiwain ang isda at budburan ng asin.
- ❖ Pangalawa, ibuhos ang mantika at painitin sa kawali.
- ❖ Panghuli, hanguin sa kawali ang piniritong isda at ilagay sa malinis na lagayan.

**PRITONG TILAPIA**

**Mga Sangkap**:

3-pirasong tilapia
1- kutsarang asin
1-bote ng mantika

**Paraan/Hakbang:**

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**Kumusta?** Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 21.**

Magaling! Maari ka nang magpatuloy.



**Aralin 1**

# Paglalahad at Pagsulat ng mga Hakbang ng Isang Gawain

## *Balikan*

***Magbalik-aral ka.***

Naaalala mo pa ba ang **Paggamit ng Pandiwa**, **Pang-uri,** at **Pang-abay?** Paano ito ginagamit?

Tumpak! Ang **Pandiwa** ay bahagi ng pananalita na nagsasabi ng kilos o galaw. Ang **Pang-uri** ay bahagi rin ng pananalita na naglalarawan sa pangngalan ng tao, hayop, bagay, lugar o pangyayari. Samantala, ang **Pang-abay** naman ay mga salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

Ngayon, balikan natin ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin. Basahin at sagutin ang sumunod na gawain.

**Panuto:** Tukuyin kung ang salitang may salungguhit na ginamit sa pangungusap ay **Pandiwa**, **Pang-uri** o **Pang-abay**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____________ 1. Mabilis tumakbo ang kabayo.

_____________ 2. Taimtim na nanalangin ang mga tao sa loob ng simbahan.


_____________ 3. Ang simoy ng hanging amihan ay malamig.

_____________ 4. Mas malakas ang Bagyong Rolly kaysa sa Bagyong Quinta.

_____________ 5. Binigyan namin ng mga pagkain at inumin ang mga nasalanta ng bagyo.

## Tuklasin

Basahin at unawaing mabuti ang usapan sa ibaba. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



**Basahin ang isinulat na resipi ni Kuya Marlon.**

**SOPAS NA MAIS**

**Mga Sangkap**:



Sibuyas
2 kutsarang mantika
½ tasang hipon
Sabaw ng hipon
Asin at paminta
1 tasang ginagad na mais
4 tasang tubig
Dahon ng sili

**Paraan:**

1. Una, igisa ang sibuyas at hipon.
2. Pangalawa, idagdag ang sabaw ng hipon at pakuluan sa loob ng ilang minuto bago ilagay ang mais at kaunting tubig.
3. Sumunod, timplahan ng asin at paminta. Pakuluan hanggang sa lumambot ang mais.
4. Panghuli, ilagay ang dahon ng sili.

**Sagutin natin**

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang hiningi ng bata kay Kuya Marlon?
2. Ano-ano ang mga nakasaad sa resipi?
3. Paano nalaman ng bata ang tungkol sa masarap na *Corn Soup*?
4. Kung ikaw si Marlon, ibabahagi mo rin ba ang resipi sa iba? Sa paanong paraan mo ito ibabahagi?

*Maibibigay mo rin kaya ang mga hakbang sa isang gawain katulad ng nabasa mo sa resipi ni kuya Marlon? Kung gayon, sundan mo ang kasunod na gawain.*

## *Suriin*

**Batay sa usapan sa itaas.**
**Ano-ano ang mga kailangang isulat sa resipi?**

- *Tama! Sa pagsulat ng resipi kailangang may wastong bilang at sukat ng bawat sangkap na gagamitin at wastong pagkasunod-sunod ng paraan o hakbang ng gawain.*

**Paano naman isinusulat ang mga paraan sa resipi?**

- *Magaling! Isinusulat ito nang maikli ngunit madaling maiintindihan at masusundan. Gumamit rin ito ng mga salitang nagpapahiwatig ng pagkasunod-sunod ng mga hakbang tulad ng **una**, **pangalawa**, **sumunod** at **panghuli**.*

**Pansinin naman natin patalastas.**
**Paano niya nalaman ang tungkol sa masarap na *Corn Soup*?**

- *Mahusay! Nalaman niya ito sa pamamagitan ng nabasang patalastas.*

**Ano-anong mga impormasyon ang nakalagay sa patalastas?**

- *Tama! Ang mga impormasyong nakalagay sa patalastas ay tungkol sa ibinibentang produkto.*

**Ano-anong mga tanong ang nakikita sa patalastas?**

- *Tama! Ang mga tanong na sumasagot sa: **Ano**, **Sino**, **Saan** at **Kailan***

**Sa pamamagitan ng patalastas sa itaas,**
**buoin ang tsart ng mga hinihinging impormasyon. Gayahin ang pormat na ito sa inyong sagutang papel.**

| Ano | Sino | Saan | Kailan |
|---|---|---|---|
| *Corn Soup for Sale* | | | |

**Tandaan:**

Ang **Hakbang** ay ang wastong pagkasunod-sunod ng mga paraan sa isang resipi o gawain. Ginagamit ang mga salitang nagpapahiwatig ng pagkasunod-sunod tulad ng **una, pangalawa, sumunod** at **panghuli.**

Sa pagbigay ng hakbang kinakailangang malinaw, maayos, at simple ang mga pananalitang gagamitin upang maiwasan ang pagkakalito at pagkakamali sa isang gawain.

Sa pagsulat ng simpleng resipi, kailangang sundin ang sumusunod:

1. May wastong bilang at sukat sa bawat sangkap.
   Hal. ½ kutsarang mantikilya
   4 na basong tubig

2. Maikli ngunit madaling maiintindihan at masusundan ang mga paraan.


3. Maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagluluto.

Tandaan po natin na ang mga **hakbang** ay hindi lamang tumutukoy o ginagamit sa isang resipi o gawain. Ito rin ay ginagamit sa pagpapasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento, mahalagang pangyayari sa kasaysayan at kahalagahan ng isang ideya, o gawain.

Ang **patalastas** naman ay paraan para maipahayag ang serbisyo o produkto sa anyong nakakaratula, maririnig sa radyo, mapapanood sa telebisyon, at mababasa sa mga magasin at diyaryo.

Naglalaman ito ng mga impormasyon tungkol sa kung **Ano, Sino, Saan** at **Kailan** ibinebenta ang produkto.

**Mahusay!** Ano ang napansin mo sa pagbibigay at pagsulat ng ng mga hakbang sa isang gawain?



Ano'ng mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?


Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

_____ Lubos na nauunawan
_____ Naunawaan

## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Buoin ang resipi sa paggawa ng kalamansi *juice* sa pamamagitan ng pagsulat sa wastong pagkasunod-sunod ng mga hakbang nito. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

- ❖ Sumunod, lagyan ng 1 2/4 kutsarang asukal ang 1 litrong tubig. Lagyan din ng 4 kutsarang *honey*/pulot.
- ❖ Una, hugasan at hiwain ang kalamansi sa may puno nito. Ingatang huwag mahiwa ang buto nito.
- ❖ Panghuli, haluin at ilagay sa isang lalagyan. Palamigin o lagyan ng yelo kung nais.
- ❖ Pangalawa, pigain ang kalamansi sa isang salaan.




**Kalamansi *Juice***

**Mga Sangkap:**

- ❖ 10 pirasong kalamansi
- ❖ 1 2/4 kutsarang asukal
- ❖ 4 na kutsarang *honey*/pulot
- ❖ 1 litrong tubig

**Mga hakbang:**

______________________________

______________________________

**B. Panuto:** Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong tagapag-alaga/kasama sa tahanan. Pagkatapos, pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa tekstong iyong napakinggan sa pamamagitan ng paggamit ng **Una**, **Pangalawa**, **Sumunod** at **Panghuli.**

**SALUDO AKO SA NANAY KO**

Melanie O. Laniog

Maagang-maaga gumising si nanay upang maghanda ng almusal. Pagkatapos kumain, inihanda niya ang mga kakailanganing kagamitan sa paglalaba.

Habang matiyagang naglalaba si nanay ay palihim ko siyang minamasdan. Una, ihiniwalay niya ang mga puti sa de-kolor na damit at ibinabad nang mahigit sa 30 minuto sa batyang may tubig at sabon. Pangalawa, inisa-isa niyang kinusot ang mga damit. Sumunod, binanlawan niya ito ng 3-4 na beses hanggang matanggal ang bula. At panghuli, pinigaan niya nang husto, ipinagpag, bago isinampay sa sampayan.

Bagaman, pagod sa paglalaba ay makikita mo pa rin sa kanyang mukha ang kasiyahan. Tanghali na ng natapos siyang maglaba.

Pagsapit ng hapon, pumunta na siya sa palengke upang bumili ng mga sangkap sa pagluluto ng hapunan.

Sa dami ng mga gawain maghapon, kasinglakas at tibay ng loob niya si Darna. Kaya saludo ako kay nanay.


__________ habang matiyagang naglalaba si nanay ay palihim ko siyang minamasdan.

__________ pagsapit ng hapon, ay pumunta siya sa palengke.

__________ tanghali nang matapos siyang maglaba.

__________ maagang-maaga gumising si nanay upang maghanda ng almusal.

**C. Panuto:** Ayon sa tekstong iyong napakinggan, ibigay ang mga hakbang sa paglalaba upang mabuo ang *graphic organizer* sa ibaba. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng iyong sagot.




A. Sumunod, banlawan ito ng 3-4 na beses hanggang matanggal ang bula.

B. Una, ihiwalay ang mga puti sa de-kolor na damit at ibabad nang mahigit sa 30 minuto sa batyang may tubig at sabon.


K. Panghuli, pigaan nang husto, ipagpag bago isampay.

C. Pangalawa, isa-isang kusutin ang mga damit.

Binabati kita! Natapos mo ang pagsubok.
Alamin natin sa **pahina 20 at 21** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

| | | |
|---|---|---|
| 4 tamang sagot | - | NAPAKAHUSAY |
| 3 tamang sagot | - | MAGALING |
| 2 tamang sagot | - | PAGBUBUTIHIN PA |
| 1 tamang sagot | - | KAYA MO 'YAN |





## *Isaisip*

Isulat ang iyong natutuhan sa aralin. Sagutin ang sumusunod sa iyong sagutang papel.

**A. Panuto:** Punan ang sumusunod na talahanayan:

| Ano ang iyong natutuhan sa:<br>*Pagbibigay ng hakbang sa gawain?* | Ano ang kahalagahan nito para sa iyo? |
|---|---|
| | |
| | |
| *Pagsulat ng resipi?* | |
| | |
| | |

**B. Panuto:** Kumpletuhin ang pahayag:

Sa pagsulat ng patalastas, naunawaan ko na________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

## *Isagawa*

Matapos mong mapag-aralan ang tungkol sa pagbibigay ng hakbang sa isang gawain, narito ang pagsasanay na gagawin mo.

**Panuto:** Ibigay ang mga hakbang sa pagsasaing ng bigas. Gamitin ang mga salitang **Una, Pangalawa**, **Sumunod**, at **Panghuli** sa pagsusunod-sunod ng mga hakbang. Gawin sa sagutang papel.

| **Hakbang sa Pagsasaing** |
|---|
| |
| |
| |
| |

- ❖ takpan ang kaldero at ilagay na sa lutuan.
- ❖ ihanda ang mga kakailanganing kagamitan sa pagsasaing.
- ❖ kunin ang kaldero at lagyan ng bigas. Gamit ang tubig, hugasan ang bigas ng 2-3 beses.
- ❖ lagyan ng wastong dami ng tubig ang kalderong may bigas.

Pagbati sa matagumpay na gawain! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa **pahina 21.**

# *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paglalahad at pagsulat ng mga hakbang ng isang gawain?

**A. Panuto:** Isulat sa loob ng kahon ang mga hakbang sa pagluluto ng *Banana Cue* upang mailahad ang hakbang nito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**Resipi ng *"Banana Cue"***

| ***Mga sangkap:*** |
|---|
| • 1-boteng mantika |
| • 8- patpat na panuhog |
| • 1- piling saging na sabang hinog |
| • 1- tasang asukal o panutsa |
| ***Hakbang:*** |
| Una, |
| Pangalawa, |
| Sumunod, |
| Panghuli |

- ❖ talupan ang saging na saba. Pakuluin ang mantika sa kawali.
- ❖ ahunin ito sa kawali kung ito ay luto na at tuhugin sa patpat na panuhog.
- ❖ ihulog ang ilang saging, lagyan din ng asukal o panutsa ang kumukulong mantika.
- ❖ haluin ito. Makikita mong natutunaw na asukal o panutsa ay kakapit sa piniprito ng saging.

**B. Panuto:** Isulat sa patlang ang angkop na salita upang mabuo ang diwa ng simpleng patalastas sa ibaba. Hanapin sa loob ng kahon ang tamang sagot.

**PATALASTAS**

Meryenda ba ang hanap mo? Narito na ang malinamnam at masarap na (1)__________. May tamang tamis, lambot at mura pa. Kaya ano pang hinihintay mo? Pumunta na sa (2)____________, bukas tuwing (3)_________ng hapon. Matatagpuan sa (4)____________________. **BILI NA!**

- High Way 1, San Nicolas, Lungsod Iriga
- alas-2
- Marlon's Karinderya
- *Banana Cue* Espesyal

## *Karagdagang Gawain*

Ngayong malawak na ang iyong kaalaman, magsanay ka pa sa pagsulat ng mga hakbang sa isang gawain.

**A. Panuto:** Isulat ang alam mong resipi na nais mong ibahagi sa iba at maaari ding pagkakitaan (halimbawa: yema, pastillas, at gulaman). Gawing gabay ang kalakip na rubrik para sa pagsulat.

____________________________

Resipi

Mga Sangkap:

1.
2.
3.
4.

Hakbang:

1.
2.
3.
4.

## Rubrik sa Pagbibigay Pagsulat ng Simpleng Resipi

| **Elemento** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5** (Napakah usay) | **4** (Mahusa y) | **3** (Katamtam an) | **2** (Paghusayan pa) | **1** (Nangangaila ngan ng pagsasanay) |
| Angkop ang mga sangkap na ginamit. | | | | | |
| Malinaw at maikli ang bawat paraan na ginawa. | | | | | |
| Gumamit ng mga salitang nagpapahiwatig ng pagkakasunod-sunod tulad ng una, pangalawa, sumunod at panghuli. | | | | | |
| Wasto ang pagkasunod-sunod ng paraan sa pagluluto. | | | | | |
| Ibang puna | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

## B. Panuto: Sumulat ng simpleng patalastas tungkol sa ginawang resipi.

| **PATALASTAS** |
|---|
| |

## Rubrik sa Pagsulat ng Simpleng Patalastas

| Elemento | Puntos | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5**<br>(Napakahusay) | **4**<br>(Mahusay) | **3**<br>(Katamtaman) | **2**<br>(Paghusayan pa) | **1**<br>(Nangangailangan ng pagsasanay) |
| Malinaw at tiyak ang mga salitang ginamit. | | | | | |
| Angkop ang mga impormasyon sa produktong nais ibenta. | | | | | |
| Nakahihikayat ang kabuoan ng patalastas. | | | | | |
| Ibang puna | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

***Ang husay mo, bata!***



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin A**

B
A
D
C

**Subukin B**

- ❖ Una, linisin nang mabuti ang isda.
  Hiwain ang isda at budburan ng asin.
- ❖ Pangalawa, ibuhos ang mantika at painitin sa kawali.
- ❖ Sumunod, ilagay ang isda sa mainit na mantika. Bantayan hanggang sa ito'y maluto
- ❖ Panghuli, hanguin sa kawali ang piniritong isda at ilagay sa malinis na lagayan.

**Balikan**

1. Pang-abay
2. Pabg-abay
3. Pang-uri
4. Pang-uri
5. Pandiwa

**Tuklasin**

1. Resipi ng *Corn Soup*
2. Mga sangkap at paraan o hakbang ng pagluluto
3. Nabasa sa patalastas
4. Maaaring magkaiba ang sagot ng bata

**Suriin**

| Ano | Sino | Saan | Kailan |
|---|---|---|---|
| *Corn Soup for Sale* | Mga suki at kabararangay | Marlon's Karinderya<br>San Isidro, Lungsod ng Iriga | Bukas tuwing Lunes-Biyernes |

**Pagyamanin A**

- ❖ Una, hugasan at hiwain ang kalamansi sa may puno nito. Ingatang huwag mahiwa ang buto nito.
- ❖ Pangalawa, pigain ang kalamansi sa isang salaan.
- ❖ Sumunod, lagyan ng 1 2/4 kutsarang asukal ang 1 litrong tubig. Lagyan din ng 4 kutsarang *honey*/pulot.
- ❖ Panghuli, haluin at ilagay sa isang lalagyan. Palamigin o lagyan ng yelo kung nais.

**Pagyamanin B**

Pangalawa, habang matiyagang naglalaba si nanay ay palihim ko siyang minamasdan.
Panghuli, pagsapit ng hapon ay pumunta siya sa palengke.
Sumunod, tanghali nang natapos siyang maglaba.
Una, maagang-maaga gumising ang nanay upang maghanda ng almusal.

**Pagyamanin C**

B
D
A
C

**Isaisip A**

Maaaring iba-iba ang sagot ng bata

**Isaisip B**

Ano, Sino, Saan, Kailan

**Isagawa**

**Hakbang sa Pagsasaing**

Una, ihanda ang mga kakailanganing kagamitan sa pagsasaing.
Pangalawa, kunin ang kaldero at lagyan ng bigas. Gamit ang tubig, hugasan ang bigas ng 2-3 beses.
Sumunod, lagyan ng wastong dami ng tubig ang kalderong may bigas.
Panghuli, takpan ang kaldero at ilagay na sa lutuan.

**Tayahin A**

- ❖ Una, talupan ang saging na saba. Pakuluin ang mantika sa kawali.
- ❖ Pangalawa, ihulog ang ilang saging, lagyan din ng asukal o panutsa ang kumukulong mantika.
- ❖ Sumunod, haluin ito. Makikita mong ang natutunaw na asukal o panutsa ay kakapit sa piniprito ng saging.
- ❖ Panghuli, ahunin ito sa kawali kung ito ay luto na at tuhugin sa patpat na panuhog.

**Tayahin B**

1. *Banana Cue* Espesyal
2. Marlon's Karinderya
3. alas-2
4. High Way 1, San Nicolas, Lungsod ng Iriga

**Karagdagang Gawain**

Gawing gabay sa pagwawasto ang kalakip na rubrik

## *Sanggunian:*


Agarrado, P. et. al. (2016). *Alab Filipino 5 Manwal Ng Guro*. 1st ed. Davao City: Vibal Group, Inc., p.115.

Baisa-Julian, A. (2016). *Pinagyamang Pluma Wika At Pagbasa 5*. 1st ed. Quezon City: Phoenix Publishing House, p.137.

Calatrava-Sancho, C. et. al. (2015). *Yaman ng Lahi Wika at Pagbasa sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc. pp. 103-104, 108

Dayag-Alma, M., (2015). *Pinagyamang Pluma Wika At Pagbasa 4*. 1st ed. Quezon City: Phoenix Publishing House, pp.243, 348.

Lalunio, L., Gugol, M., Ril, F. at Villafuerte, P. (2010). *Hiyas sa Pagbasa 4*. 2nd ed. Quezon City: LG&M Corporation, pp.155, 163

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph